Tanggalin mo ito,sapagkat walang maidadagdag sa iyo nito maliban sa kahinaan,Sapagkat kapag ikaw ay namatay at ito ay sa iyo [suot mo],Hinding-hindi ka magkakamit ng tagumpay magpakailanman

Ayon kay `Imraan bin Husain-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: "Katotohanang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nakakita ng isang lalaki,sa kamay niya ay singsing na dilaw,Nagsabi siya: Ano ito? Nagsabi siya:Mula [pampatanggal ng] kahinaan,Nagsabi siya: Tanggalin mo ito,sapagkat walang maidadagdag sa iyo nito maliban sa kahinaan,Sapagkat kapag ikaw ay namatay at ito ay sa iyo [suot mo],Hinding-hindi ka magkakamit ng tagumpay magpakailanman."
[Maganda] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Binabanggit sa atin ni `Imran bin Husayn-malugod si Allah sa kanilang dalawa-ang isa sa mga katayuan na kinatatayuan ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa pakikipaglaban niya sa pagtatambal kay Allah at ang pagtigil ng mga tao rito;Ang katayuang ito ay: Tunay na nakita niya ang isang lalaki,suot-suot niya ang singsing niya na gawa sa tansong kulay dilaw,Tinanong niya ang nagdadala nito kung bakit niya suot ito?Sinagot siya ng lalaki,na kaya niya isinuot ito ay upang mapigilan siya sa pananakit,Ipinag-utos niya ang dali-daling pagtapon rito,At ipinahayag niya sa kanya na ito ay hindi makakapag-bigay pakinabang sa kanya,datapuwat ito ang makakapinsala sa kanya,at ito ay makakadag-dag na sakit niya dahil sa pagsuot niya nito, At ang panakahigit nito,kapag nagpatuloy siya [sa gawaing ito]hanggang sa madatnan siya ng kamatayan,ipagkakait din sa kanya ang Tagumpay sa Kabilang-buhay.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6362